



Sportello Unico per l'Immigrazione di

KASUNDUAN PARA SA INTEGRASYON n. {}

ng

Bansa, sa katauhan ng punong opisyal ng Prepektyur ng _____

at

Ng Ginoo/ Ginang _____

Paunang Salita

Ang integrasyon, isang kasunduan para mapalaganap ang pamumuhay ng mga italyano at mga legal na migrante sa teritoryo nasyonal alinsunod sa mga nakasaad sa Konstitusyon ng Italya, ito ay nababase sa mutual na kasunduan sa paglahok sa buhay pam-pinansal, sosyal at kultural ng sosyedad.

Partikular dito, para sa mga migrante na makasunod sa integrasyon, ay ang pagtututo ng wikang italyano, kailangan din na respetuhin at makiisa sa pagpapalaganap ng halaga ng demokrasya ng kalaaan, ng pantay-pantay na turingan at pakikipagtulungan na alinsunod sa ugat ng Republika ng Italya.

Dahil sa adhikain na ito ang kasunduan ng integrasyon, ayon sa artikulo 4-bis ng testo unico para sa migrasyon, kinakailangan nang migrante, kalakip ng aplikasyon para magkaroon ng permit of stay, na lagdaan ang kasunduan upang makamit ang permit of stay.

Dahil dito, si Ginoo/Ginang _____, na mula ngayon ay tatawagin na <<Kinauukulan>>, at ang Bansa, sa katauhan ng punong opisyal ng prepektyur ng _____ o ng isang kumakatawan dito, ay napagkasunduan ang mga sumusunod.

Art. 1 . Tungkulin ng migrante

Ang kinauukulan ay magsisikap na:

- a) Matutunan ang wikang italyano na may antas na A2 alinsunod sa kasulatan para sa mga wika na ipinatutupad ng Europa;

- b) Matutunan ang mga importanteng prinsipyo ng Konstitusyon ng Republika, ng organisasyon at pagpapalakad ng mga institusyong pam-publiko at ang buhay sibil sa Italya, particular na atensyon ayon sa kalusugan, paaralan, mga serbisoyng sosyal, trabaho at tungkulin pam-pinansyal;
- c) Garantiyahan ang pagpapatupad sa obligadong pagpapaaral sa mga menor de edad;
- d) Punan ang mga obligasyong piskal at kontribusyon.

Ang kinauukulan ay naghahayag ng pakikiisa sa Kasulatan ng halaga ng pagkamamamayan at ng integrasyon na ayon sa dekreto ng Department of Internal Affairs noong ika-23 ng Abril 2007 at sisikapin na rispetuhin ang mga nasabing prinsipyo.

Art. 2 – Tungkulin ng Bansa

Ang Bansa:

- a) ay titiyakin ang pagbibigay ng karapatan sa bawat isa at ang pantay na social dignity ng mga tao regardless sa kasarian, lahi, wika, relihiyon, opinion pam-pulitika at kondisyon personal at sosyal, upang maiwasan ang pagsisimula ng kapootang panglahi at diskriminasyon; magbibigay din ng access para sa mga impormasyon na makatutulong sa mga migrante upang maintindihan ang nilalaman ng Konstitusyon ng Italya at ang alituntunin ng Bansa;
- b) garantiyahan alinsunod sa mga rehiyon at mga local na pamahalaan ang pagkontrol sa mga batas para sa trabaho; garantiyahan ang buong access para sa serbisoyng pangkalusugan at ang para sa pagpasok sa obligadong pagpapa-aral;
- c) paboran ang proseso ng intergrasyon ng kinauukulan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng wastong inisyatibo, alinsunod sa rehiyon, lokal na pamahalaan at asosasyong non profit.

Base sa kwadrong ito, tinitiyak para sa kinauukulan, bago lumipas ang isang buwan sa paglagda ng kasunduan, ang lib्रेng pakikibahagi sa isang sesyon ng pormasyong sibika at impormasyon tungkol sa buhay sa Italya, ang duration ng sesyon ay isang araw.

Art. 3 Tagal ng kasunduan

Ang kasunduan ay may tagal na dalawang taon at maaaring mapahaba ng isa pang taon.

Art. 4 – Artikulasyon ng kasunduan alinsunod sa kredito

Ang kasunduan ay articulated per credit, ibig sabihin ang kinauukulan ay bibigyan ng credits na nakasaad sa nakalakip B ng regulasyon na magdidisiplina sa kasunduan ng integrasyon, ang bilang ay alinsunod sa makakamit na antas sa kaalaman sa wika, sa kultura sibika at buhay sibil sa Italya, bibigyan din ng sertipikado na may halagang legal matapos ang pag-dalo sa mga kurso bilang pormasyon, edukasyon at integrasyon pang-wika at sosyal. Sa paglagda sa kasunduan bibigyan ang migrante ng labing anim na kredito, alinsunod sa antas na A1 ng kaalaman sa wikang italyano at sapat na antas ng kaalaman ng kultura sibika at buhay sibil sa Italya. Ang mga kredito ay maiku-

confirm matapos ang isang beripikasyon sa kasunduan at makikita na may sapat na kaalaman sa wikang italyano na may antas A1 at sapat na kaalaman sa kultura sibika at buhay sibil sa Italya, kung hindi naman makakapasa ay babawasan ang kredito. Kung makikita na ang antas ng kaalaman at mas mataas sa minimum na nakasaad sa puntos 1 at 2 ng Nakalakip B, ay magbibigay ng extra puntos alindunod sa antas ng kaalaman.

Ang kredito na makakamit ay mababawasan ayon sa nakasaad sa Nakalakip C ng regulasyon na nagdidisiplina sa kasunduan ng integrasyon, tulad ng: pagkakaroon ng hatol pam-penal kahit na ang sentensya ay hindi depinitibo; ang aplikasyon kahit hindi depinitibo ng personal security measures; pagpapataw ng depinitibong parusa na pagbabayad ng pera ayon sa iligal na transaksyon o hindi pagbabayad ng buwis. Ang kabuoan ng pagbabawas ng kredito ay alinsunod sa kabigatan ng mga iligal nap am-penal, administratibo o hindi pagbabayad ng buwis at ang hindi pagtupad na ginawa.

Ang hindi pakikibahagi sa sesyon ng pormasyon sibika at impormasyon tungkol sa buhay sa Italya na nakasaad sa art 2 ay makakabawas din ng labinlimang puntos ng kredito sa labing anim na ibinigay sa paglagda ng kasunduan.

Art. 5. – Pagtatapos at beripikasyon ng kasunduan

Isang buwan bago matapos ang ikalawang taon ng tagal ng kasunduan, ang sportello unico para sa migrasyon na matatagpuan sa prefecture-opisina ng teritoryo ng gobyerno ng _____, mula ngayon ay tatawagin <<sportello unico>>, ang magsasagawa ng beripikasyon, sa pamamagitan ng dokumentasyon na isusunite ng kinauukulan o di kaya ay ang matatanggap ng opisina. Kung walang sapat na dokumento, ang kinauukulan ay maaaring humiling na masuri ang antas ng kanyang kaalaman sa wikang italyano, ng kultura sibika at buhay sa Italya sa pamamagitan ng isang test na isasagawa ng sportello unico.

Ang beripikasyon ay matatapos sa pagbibigay ng kredito pinal at ang pagbibigay ng isa sa mga sumusunod na pagtitika:

- a) pagsunod sa kasunduan, kung ang final na credito ay walang bawas o higit pa sa ibinigay noong una at kung ang antas ng kaalaman sa wikang italyano at kultura sibika at ang buhay sibil sa Itala na nakasaad sa art. 1 lett. A) at b);
- b) pagpapahaba ng kasunduan ng isang taon sa katulad na kondisyon, kung ang bilang ng final na kredito ay mula isa hanggang dalawampu't siyam ibig sabihin ay hindi nakapasa sa antas na itinalaga para sa kaalaman ng wikang italyano, ng kultura sibika at buhay sa Italya na nakasaad sa letrang a). Ang pagpapahaba ay ipapaalam sa kinauukulan.
- c) C) hindi pagtupad sa kasunduan at ang pagpapatalsik sa kinauukulan sa teritoryo nasyonal, kung ang final na kredito ay katulad o mas mababa pa sa zero. Kung ayon sa batas, ang kinauukulan ay hindi maaaring mapatalsik ang hindi pagtupad sa kasunduan ay ikokonsidera para sa future discretionary decision na tungkol sa migrasyon.

Kung ang permit of stay na may tagal na isang taon, isang buwan bago ito ma-expire ay isasagawa ang beripikasyon sa pakikibahagi sa sesyon ng pormasyon sibika at impormasyon na nakasaad sa artikulo 2, at babawasan ng labinlimang puntos ng kredito sa labing anim na itinalaga sa kaunahang

paglagda, kung makikita na hindi dumalo, at ipagpapaliban sa araw na itatalaga ang resultado ng beripikasyon na isasagawa bago ma-expire ang ikalawang taon na tagal ng kasunduan.

Ang hindi pagtupad sa kasunduan na nakasaad sa artikulo 1 lett. C) ay magbubunga ng nakasaad sa huling lett c).

Art. 6. – Talaan ng mga lumagda sa kasunduan sa integrasyon

Sa Departamento para sa kalayaan sibil at migrasyon ng Department of Internal Affairs ay nagbuo ng talaan nasyonal ng mga lumagda sa kasunduan sa integrasyon, nakatala ditto ang lahat ng datas na nakasaad sa kasunduan na nilagdaan, ang mga kredito na ibibigay o ibabawas, at ang mga pagbabago sa kasunduan at ang mga matatapos na kasunduan. Ang mga datas na ilalagay sa talaan ay ipapaalam sa kinauukulan. Ang mga kinauukulan ay may direct access sa talaan, upang makontrol ang lagay ng kasunduan na nilagdaan.

Art. 7. – Katapusan ng Pangangasiwa

Ang pamamahala sa kasunduan matapos ang lagdaan ay pangungunahan ng sportello unico para sa migrasyon na matatagpuan sa prefecture-opisina teritoryoal ng Gobyerno ng _____

Para naman sa mga nakasaad sa kasunduan, ay ipapatupad ang mga dispositions ng dekreto ng Presidente ng Republika D.P.R. 179/2011; na siyang magdidisiplina sa kasunduan para sa integrasyon ng migrante at ng Bansa.

Listahan ng kredito na kikilalanin base sa kaalaman sa wikang italyano, sa kultura sibika at buhay sibil sa Italya

a) Kaalaman sa wikang italyano

Kredito na kikilalanin

(ayon sa talaan para sa wika na

Ipinatupad ng Konseho ng Europa)

Antas A1 (pasasalita lamang)	10
Antas A2	14
Antas A2	20
Antas A2	24
Antas B1	26
Antas B1	28
Antas na mataas sa B1	30

(* Ang mga Kredito na nakatala ay hindi maaaring pagsumahin para ipunin

b) Kaalaman sa kultura sibika

Kredito na Kikilalanin (*)

At buhay sibil sa Italya

Antas na sapat	6
Anats na higit sa sapat	9
Mataas na Antas	12

(* Ang mga Kredito na nakatala ay hindi maaaring pagsumahin para ipunin

c) Ruta ng edukasyon para sa adults, kurso ng

Kredito na Kikilalanin (*) ()**

mataas na edukasyon o edukasyon at pormasyon

propesyunal

(para sa larangan ng edukasyon at pormasyon batay sa batas n. 53/2003)

Pag-attend na may profit sa isang kurso na ang Tagal ay hindi mababa sa 80 oras	4
Pag-attend na may profit sa isang kurso na ang Tagal ay katulad o hindi mababa sa 120 oras	5
Pag-attend na may profit sa isang kurso na ang Tagal ay katulad o hindi mababa sa 250 oras	10
Pag-attend na may profit sa isang kurso na ang Tagal ay katulad o hindi mababa sa 500 oras	30

(*) Ang mga Kredito na nakatala ay hindi maaaring pagsumahin para ipunin

(**) Ang mga Kredito na kung mababawasan ng kalahati, matapos ang ruta o ang kurso, ay kikilalanin sa migrante, base sa susunod na boses n.6, ang kredito para sa pagkamit ng diploma ng mataas na antas ng pag-aaral (secondary school) o katangian pang-propesyunal

d) Ruta ng Mataas na Paaralan Pan-Tekniko

Kredito na Kikilalanin (*)

O edukasyon at pormasyon ng mataas na antas pan-Teknico

15

(sa bawat semester)

(*)Ang mga Kredito na kung mababawasan ng kalahati, matapos ang ruta o ang kurso, ay kikilalanin sa migrante, base sa susunod na boses n.6, ang kredito para sa pagami ng diploma ng mataas na antas ng pag-aaral tulad ng mataas na antas ng tekniko o sertipikado ng pagkadalubhasa ng mataas na antas ng tekniko

e) Kurso sa pag-aaral sa Unibersidad o

Kredito na Kikilalanin (*)

Mataas na pormasyon sa Italya

(sa publiko o pribadong unibersidad, unibersidad

na may espesyal na pag-aayos o sistema ng mataas na

pormasyon batay sa art. 2 ng batas n.508/1999,

may kakayahan na magbigay ng titulo ng pag-aaral
na may legal na halaga)

Pag-attend ng isang academic year at naka-pasa 30
Sa dalawang beripikasyon

Pag-attend ng isang academic year at naka-pasa 32
Sa tatlong beripikasyon

Pag-attend ng isang academic year at naka-pasa 34
Sa apat na beripikasyon

Pag-attend ng isang academic year at naka-pasa 36
Sa lima o higit pang beripikasyon

Pag-attend ng isang taon ng doctorate reaserch 50
o sa kursong katulad na ang resultado ng panana-
liksik na isinagawa sa loob ng isang taon ay positibo

Ang mga Kredito na kung mababawasan ng kalahati, matapos ang kurso, ay kikilalanin sa migrante, base sa susunod na boses n.6, ang kredito para sa pagkamit ng diploma ng mataas na antas ng pag-aaral (bachelaurate), laurea magistrale, specialization o titulo ng doctorate reasercher o titulo na katulad.

**f) Pagkakamit ng diploma na may
halagang legal sa Italya**

Kredito na Kikilalanin

(matapos ang kurso o ruta ng nakasaad

Sa boses 3, 4 at 5)

Diploma ng kasanayan propesyunal	35
Diploma ng mataas na antas ng paaralan	36
Diploma ng kasanayan tekniko o sertipikado ng pagkadalubhasa bilang tekniko	37
Diploma ng bachelaurate o diplomang katulad	46
Diploma ng 5 year combined bachelor's/master's degree	48
Diploma ng master's degree o katulad na diploma	50
Diploma ngf doctorate degree o katulad na diploma	64

g) Aktibidad ng pagtuturo

Kredito na kikilalanin

Pagkkaroon ng abilitasyon sa propesyon ng pagtuturo 50

Batay sa art. 49 ng D.P.R. n. 394/1999

(para sa larangan ng sistema ng pagtuturo at
pormasyon batay sa 53/2003)

Pagtuturo sa unibersidad, sa mga university institute 54

na may special na patakaran o institusyon na may sistema
ng mataas na pormasyon

(tinutukoy dito ang unibersidad na pampubliko o pribado,

sa mga università institue na may special na patakaran,

sa mga institusyon na may sistema ng mataas na

pormasyon batay sa art. 2 ng batas n. 508/1999, na

may kapangyarihan na magbigay ng diploma na may

halagang legal sa Italya

h) Kurso para sa integrasyon ng wika at social

Kredito na kikilalalanin

(dinaluhan sa isa sa mga istitusyon batay sa art. 12, comma 2)

Pag-attend na may profit sa isang kurso na ang Tagal ay hindi mababa sa 80 oras	4
Pag-attend na may profit sa isang kurso na ang Tagal ay hindi mababa sa 120 oras	5
Pag-attend na may profit sa isang kurso na ang Tagal ay hindi mababa sa 250 oras, o di kaya ay ang pagpasa sa test tungkol sa kaalaman sa wikang german batay sa art. 6, comma 1-bis	10
Pag-attend na may profit sa isang kurso na ang Tagal ay hindi mababa sa 500 oras	20
Pag-attend na may profit sa isang kurso na ang Tagal ay hindi mababa sa 800 oras	30

(*) Ang mga Kredito na nakatala ay hindi maaaring pagsumahin para ipunin tulad ng nakasulat sa 3, 4, 5, 6 at 7.

i) Karangalan at merit na publiko

Kredito na Kikilalanin

Pagkakaroon ng karangalan mula sa Republika ng Italya	6
Pagkakaroon ng public merit	2

j) Aktibidad na pangkalakalan

Kredito na Kikilalanin

Pagkakaroon ng business activity	4
----------------------------------	---

k) Pagpili ng doctor ng pamilya

Kredito na Kikilalanin

Pagpili ng doctor ng pamilya na nakasulat sa registro ng ASL

4

l) Partisipasyon sa buhay sosyal

Kredito na Kikilalanin

Pagsasagawa ng boluntaryong aktibidad sa mga

Asosasyon na nakasulat sa registro publiko o

Mga aktibidad na para sa promosyon sosyal

4

m) Tirahan

Kredito na kikilalanin

Paglilagda, pagpaparehistro at kung saan kailangan

Pagpapalista ng kontrata ng pabahay o pagbili ng

Bahay tirahan pati ang sertipikasyon ng paglo-loan

Para sa pagbili ng bahay tirahan

6

n) Kurso ng pormasyon mula sa Bansang sinilangan

Kredito na Kikilalanin

Partisipasyon aktibo sa pagpalawak ng kaalaman

2

At orientation sa mga programa ng pormasyon

Propesyunal na kaiba sa motibo ng pagpasok

Sa bansa.

Partisipasyon aktibo sa programa ng pormasyon sa ibang bansa

4

Batay sa art. 23 ng testo unico

Listahan ng Kredito na maaaring tanggalin batay sa artikulo 4, comma 2

e) Kasalanan	Kredito na Tatanggalin
Hatol kahit hindi depinitibo na pagbabayad ng pinsala Na hindi bababa sa 10 libo euro	2
Hatol kahit hindi depinitibo na pagkakahuli Na mababa sa 3 buwan kahit may kasama pang multa	3
Hatol kahit hindi depinitibo na pagkakahuli Na mas higit sa 3 buwan	5
Hatol kahit hindi depinitibo na pagbabayad ng multa na Hindi bababa sa 10 libo euro	6
Hatol kahit hindi depinitibo na pagkakahulong Na mababa sa 3 buwan kahit may kasama pang multa	8
Hatol kahit hindi depinitibo na pagkakahulong Na hindi mababa sa 3 buwan	10
Hatol kahit hindi depinitibo na pagkakahulong Na hindi mababa sa 1 taon	15
Hatol kahit hindi depinitibo na pagkakahulong Na hindi mababa sa dalawang taon	20
Hatol kahit hindi depinitibo na pagkakahulong Na hindi mababa sa tatlong taon	25

f) Personal safety measures

Kredito na Tatanggalin

Pansamantalang aplikasyon ng isang safety
measure batay sa artikulo 206 c.p. 6

Aplikasyon kahit hindi depinitibo ng
isang personal safety measure 10

g) Labag sa batas na Pamamahala at Buwis

Kredito na tatanggalin

Mahatulan ng depinitibong pagbabayad ng multa
Na may halagang hindi mababa sa 10 libo euro 2

Mahatulan ng depinitibong pagbabayad ng multa
Na may halagang hindi mababa sa 30 libo euro 4

Mahatulan ng depinitibong pagbabayad ng multa
Na may halagang hindi mababa sa 60 libo euro 6

Mahatulan ng depinitibong pagbabayad ng multa
Na may halagang hindi mababa 100 libo euro 8

Note

PAALALA:

Ang nilalaman na mga salita na nakatala dito ay isinulat ng pamahalaan na may kakayahan sa paksa batay sa art.10 comma 3 ng testo unico para sa mga disposisyon ng pagpoproklama ng batas, ukol sa pagpapalabas ng dekreto ng President eng Republika at ang opisyal na pagpapublish ng Republika ng Italya, aprubado ng D.P.R. 28 Disyembre 1985. N. 1092, upang mapadali ang pagbabasa ng mga disposisyon ng batas kung saan ginagamit ang pagpapaliban. Hindi magbabago ang halaga at ang bias ng mga batas na nakasulat dito.

Note ng paunang salita

- d) Ang Art. 87 ng Konstitusyon ay nagbibigay sa President eng Republika ng kapangyarihan na magpalabas ng batas at ng mga dekreto na siyang magiging batayan.

- e) Ayon sa nakasulat sa art. 17, comma 1 ng batas 23 agosto 1988 n. 400 (Nagdidisiplina sa aktibidad ng gobyerno at sa patakaran ng Prime Minister ng Bansa na kailangan magdesisyon hanggang ika-90 araw ng paghiling, maaari magpalabas ng rules na magdidisiplina:
- d) Pagsasagawa ng batas at ng dekreto at ng patakaran pangkomunidad
- e) Pagsasagawa at integrasyon ng mga batas at ng dekreto na may batas bilang prinsipyo, hindi kasama ang paksa na ginagawa ng rehiyon;
- f) Mga paksa kung saan dinidisciplina ang parte ng batas o ng mga gawa na tinutukoy ng batas, basta hindi paksa na riserbado sa batas.
- g) Organisasyon at Gawain ng pamamahalang pampubliko ayon sa sinasaad sa batas;
- h) >>
- f) Ayon sa nakasulat sa art. 4-bis ng dekreto legislatibo 25 Hulyo 1998, n. 286 (Testo unico ng disposisyon na nagdidisiplina sa migrasyon at sa kondisyon ng migrante) pinublish sa Gazzetta Ufficiale 18 Agosto 1998 n. 191, pinangunahan ng art. 1 comma 25 ng batas 15 Hulyo 2009 (Disposisyon ng paksa ng pampublikong kaligtasan) pinublish sa Gazzetta Ufficiale 24 Hulyo 2009 n. 170:

<< Art 4bis (Kasunduan para sa integrasyon)- 1 Para sa nakasaad sa testo unico, ang integrasyon ay isang kasunduan para mapalaganap ang pamumuhay ng mga italyano at mga legal na migrante sa teritoryo nasyonal alinsunod sa mga nakasaad sa Konstitusyon ng Italya, ito ay nababase sa mutual na kasunduan sa paglahok sa buhay pam-pinansal, sosyal at kultural ng sosyedad

2. Bago mag ika-100 araw sa paglabas ng artikulo, na may rules, na ginamit batay sa art. 17 comma 1, ng batas 23 Agosto 1988 n. 400 sa pangunguna ng Prime Minister at ng Kalihim ng Ministry for the Internal Affairs, kasama ang Kalihim ng edukasyon, ng Universidad at pagtuklas at ang kalihim ng Trabaho, ng kalusugan at ng pulitiko sosyal, ay nagtalaga ng mga criteria at alituntunin para sa paglalagda ng migrane ng Kasunduan para sa integrasyon kasama ng paghiling ng permit of stay batay sa art. 5. Ang Kasunduan ay binubuo ng mga kredito, at ng pangakong pagsisikap na makamit ang mga objectives sa loob ng duration ng permit of stay. Ang paglalagda sa Kasunduan para sa integrasyon ay isang kondisyon upang mabigyan ng permit of stay. Ang pagkawala ng buong kredito ay nangangahulugan sa pagkumpiska o pagbawi ng permit of stay at ang pagpapatalsik o deport sa migrante sa teritoryo ng Bansa, na ipapatupad ng punong opisyal ng Questura ayon sa art 13 comma 4 hindi kasali ditto ang mga migrante na ang motibo ng permit of stay ay asylum seeker, proteksyon, humanitarian reason, pamilya, carta soggiorno, carta soggiorno para sa kapamilya ng migrante na mula sa European union at ang may hawak na permit of stay dahil sa family reunification.

3. Sa aktwasyon ng artikulo ay kailangan ng human resources, pondo at instrument na ayon sa batas, na hindi makakapabigat sa kaban ng bayan>>

- g) Ang dekreto ng Presidente ng Republika 31 Agosto 1999 n. 394 (Rules na nagpapatupad sa testo unico para sa disposisyon na nagdidisiplina sa migrasyon at sa kondisyon ng migrante ayob sa art. 1 comma 6 ng dekreto legislativo 25 Hulyo 1998 n. 286) pinublish sa Gazzetta Ufficiale 3 Nobyembre 1999 n. 258).
- h) Isinasama ang nakasulat sa art 8 dekreto legislativo 28 Agosto 1997 n. 281 (Kahulugan at pagpapalawak ng pagbibigay ng permanentengPagpupulong ukol sa relasyon ng Bansa, rehiyon, probinsyang autonomous ng Trento at Bolzano at unipikasyon para sa paksa at tungkulin nais.